

Ang Iyong mga Karapatan sa mga Pamantayan sa Trabaho (Employment Standards): Banyagang mga Live-in Caregiver

Pilyego ng Impormasyon

Banyagang mga Live-in Caregiver

Bilang isang banyagang mamamayan na nagtatrabaho bilang isang live-in caregiver sa Ontario, ikaw ay may mga karapatan sa mga pamantayan sa trabaho sa ilalim ng *Employment Standards Act, 2000* (ESA). Ikaw rin ay may mga proteksyon sa ilalim ng *Employment Protection for Foreign Nationals Act (Live-in Caregivers and Others), 2009* (EPFNA). Ikaw ay may karapatan na makatanggap ng isang pilyego ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa EPFNA kasama ng pilyego ng impormasyong ito.

ANO ANG AKING MGA KARAPATAN SA EMPLOYMENT STANDARDS SA TRABAHO?

Ikaw ay dapat bayaran ng isang regular, umuulit na araw ng sahod at ang iyong tagapag-empleyo ay nararapat na magbigay sa iyo ng isang ulat na nagpapakita ng iyong mga sahod at mga ibinawas para sa panahon ng suweldong iyon.

Hangganan sa mga Oras ng Trabaho

Sa karaniwan, ikaw ay hindi maaaring hingian na magtrabaho ng mahigit sa 8 oras sa isang araw o sa iyong regular na pang-araw-araw na iskedyul (kung mas mahigit sa 8 oras). Para makapagtrabaho ka ng mahigit sa pang-araw-araw na hangganan, ang iyong tagapag-empleyo ay kinakailangang magkaroon ng isang nakasulat na kasunduan sa iyo.

Sa karaniwan, ikaw ay hindi maaaring hingian na magtrabaho ng mahigit sa 48 oras sa isang linggo. Para makapagtrabaho ka ng mahigit sa 48 oras sa isang linggo, ang iyong tagapag-empleyo ay kinakailangang magkaroon ng isang nakasulat na kasunduan mula sa iyo at ng isang pahintulot mula sa Ministri ng Trabaho.

Sa karaniwan, ikaw ay kinakailangang magkaroon ng kahit 11 man lamang na magkakasunod na oras na walang trabaho bawat araw at magkakasunod na 24 oras na walang trabaho sa bawat linggo o magkakasunod na 48 oras na walang trabaho sa bawat dalawang linggong panahon.

Bayad sa Overtime

Ikaw ay dapat na bayaran ng overtime pagkatapos ng 44 na oras ng trabaho sa bawat lingo. Ang halaga ng overtime ay kinakailangang maging $1\frac{1}{2}$ beses *man lamang* sa regular na halaga ng regular na sahod.

Pinakamababang Sahod

Ang pinakamababang sahod ay ang pinakamababang halaga ng sahod bawat oras na maaaring ibayad ng tagapag-empleyo sa isang empleyado. Sa kasalukuyan ang pinakamababang sahod ay \$9.50 bawat oras at ito ay tataas sa \$10.25 bawat oras sa ika-31 ng Marso 2010.

Ang iyong kabuuang sahod, bago binawasan, ay kinakailangang maging ang pinakamaliit na sahod man lamang. Sa batas, ang iyong tagapag-empleyo ay kinakailangang magbawas ng Buwis sa Kita (Income Tax), Canada Pension Plan (CPP) at Employment Insurance (EI) mula sa iyong buong sinasahod at ang iyong tagapag-empleyo ay kinakailangang gumawa ng mga kontribusyon sa CPP at EI para sa iyo.

Kung ikaw at ang iyong tagapag-empleyo ay magkasundo na ikaw ay tatanggap ng isang sahod na mas mataas kaysa sa pinakamababang sahod, kung gayon iyon ang halaga na ikaw ay may karapatang tanggapin.

MAAARI BANG IBAWAS NG AKING TAGAPAG-EMPLEYO ANG KUWARTO AT PANGANGASERA (MGA PAGKAIN)?

Maaaring isaalang-alang ng isang tagapag-empleyo ang pagbibigay sa iyo ng kuwarto at pangangasera (mga pagkain) para sa kadahilanan na makasigurong ang pinakamababang sahod ay nabayaran na. Ang halaga na ipinalagay na nabayaran na ng tagapag-empleyo para sa kuwarto at pangangasera (mga pagkain) ay nakalagay sa ibaba:

Kwarto: lingguhan

- pribado: \$31.70

Mga pagkain

- bawat pagkain: \$2.55
- pinakamataas sa bawat linggo: \$53.55

Kwarto at mga pagkain (pangangasera): lingguhan

- pribadong kwarto: \$85.25

Ang iyong kwarto ay dapat na naaangkop para tirahan ng tao. Ito rin ay kinakailangang katamtamang nalagyan ng mga kagamitan, tinustusan ng malinis na mga kobre kama at mga tuwalya at magagamit nang may katwiran ang na mga pasilidad ng kubeta at lababong mapaghihilamusan.

Ang kwarto at/o pangangasera ay hindi ipinapalagay na bahagi ng mga sahod maliban na lang kung talagang natanggap mo ang mga pagkain o tiniran ang kwarto.

Mga Pista Opisyal

Ikaw ay may karapatang hindi magtrabaho sa isang pista opisyal, na may bayad sa pista, gaano ka man katagal na nagtrabaho. Ang Ontario ay may siyam na pista opisyal sa bawat taon. Ang mga ito ay: Bagong Taon, Araw ng Pamilya (Family Day), Biyernes Santo, Victoria Day, Canada Day, Labour Day, Thanksgiving, Pasko, at Boxing Day.

Bakasyon para sa Pagbubuntis at Pagmamagulang

Ikaw ay maaaring maging karapat-dapat na kumuha ng 17 linggong bakasyon para sa pagbubuntis at 35 linggong bakasyon para sa pagmamagulang o parental leave (kung nakakuha ka na ng bakasyon para sa pagbubuntis). Ang lahat ng ibang mga karapat-dapat nga mga bagong magulang, pati na ang mga ina ng sanggol na hindi kumuha ng bakasyon para sa pagbubuntis, ay maaaring kumuha ng 37 linggong bakasyon ng pagmamagulang. Ang mga ito ay hindi bayad, protektado sa trabahong mga bakasyon. Para makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagiging karapat-dapat para sa bakasyon sa pagbubuntis at pagmamagulang, tumawag sa Sentro ng Impormasyon ng Employment Standards.

Bakasyon para sa Pampamilyang Medikal

Maaari kang kumuha ng bakasyon para sa pampamilyang medikal para mag-alaga o magbigay ng suporta para sa ilang mga miyembro ng pamilya – at mga taong nagpapalagay sa iyo bilang isang miyembro ng pamilya – na may isang malubhang karamdaman na may malaking panganib na mamatay sa loob ng panahon na 26 na linggo. Ito ay walang bayad, protektado sa trabaho na bakasyon nang hanggang 8 linggo sa isang 26 na linggong panahon.

Bakasyon na may Bayad

Ikaw ay may karapatan sa 2 linggo *man lamang* na bakasyon pagkatapos ng bawat 12 buwan ng pagtatrabaho. Ikaw ay may karapatang mabayaran ng halaga na katumbas sa *kahit 4% man lamang* ng iyong buong sahod na kinita bilang isang kabayaran sa bakasyon.

Abiso ng Pagtatapos at/o Bayad sa Halip na Abiso (Kung Nakapagtrabaho ng Kahit na 3 Month Man Lamang)

Ang iyong Tagapag-empleyo ay kinakailangang magbigay sa iyo ng paunang nakasulat na abiso, bayad sa pagtatapos sa halip na abiso, o isang kombinasyon ng dalawa, kung ikaw ay patuloy na nagtrabaho ng 3 buwan o mas mahigit at ang iyong trabaho ay tinapos. Ang halaga ng abiso o bayad ay magdedepende sa kung gaano katagal ka nang nagtatrabaho sa tagapag-empleyo.

MAAARI BA AKONG PARUSAHAN O TAKUTIN NG AKING TAGAPAG-EMPLEYO DAHIL SA AKO AY NAGTANONG NG TUNGKOL SA AKING MGA KARAPATAN O NANGHINGI NG AKING MGA KARAPATAN?

Hindi. Hindi maaaring gawin ng iyong tagapag-empleyo ang alin man sa mga sumusunod nang dahil sa ikaw ay nagtanong tungkol sa o para sa iyong mga karapatan sa lugar ng pinagtatrabahuhan:

- Takutin ka
- Sisantihin ka
- Suspindihin ka

- Bawasan o hindi ibigay ang iyong sahod
- Parusahan ka sa anumang paraan, o
- Pagbantaan ka ng alin man sa mga aksyong ito.

Kung sa palagay mo ikaw ay pinarusahan ng iyong tagapag-empleyo para sa pagtatanong ng tungkol sa o paggamit ng iyong mga karapatan sa trabaho, kontakin ang Sentro ng Impormasyon para sa Trabaho (Employment Information Centre) sa lalong madaling panahon. Kung pagkatapos mong makapagharap ng isang paghahabol, aming mapagpasyahan na ang iyong tagapag-empleyo ay nagparusa sa iyo nang dahil sa pagtatanong mo ng tungkol sa o sa paggamit mo ng iyong mga karapatan sa trabaho, maaari naming pag-utusan ang iyong tagapag-empleyo na magbayad sa iyo o magbayad ng anumang mga sahod na inutang sa iyo.

Hindi ka maaaring pumayag na isuko ang iyong mga karapatan

Hindi ka maaaring pumayag na isuko ang alinman sa iyong mga karapatan sa mga pamantayan sa trabaho (employment standards rights). Ang anumang gayong kasunduan ay hindi balido.

Paano kung mayroon akong tanong o nais kong gumawa ng isang paghahabol?

Kung mayroon kang anumang mga tanong tungkol sa mga pamantayan sa trabaho, o sa iyong paniniwala ikaw ay hindi nakatanggap ng iyong mga karapatan at nais na gumawa ng isang paghahabol sa Ministri ng Trabaho, pakikontak lamang ang Sentro ng Impormasyon ng Employment Standards sa (416) 326-7160 (libreng-tawag sa 1-800-531-5551) o, para sa nahihirapang makarinig, sa TTY 1-866-567-8893. Maaari mo ring bisitahin ang www.labour.gov.on.ca para sa karagdagang impormasyon o para magharap ng isang paghahabol on-line. Maaari ka ring kumuha ng isang Employment Standards claim form sa isang Sentro ng ServiceOntario. Para humanap ng Sentrong pinakamalapit sa iyo, pakitawagan lamang ang 1-800-267-8097. Pakitandaan lamang na may hiwalay na mga pormularyong ginagamit para sa paghaharap ng paghahabol sa ilalim ng ESA at ng EPFNA.

Ibang mga wika

Ang pilyegong ito ay makukuha sa Pranses at ilang ibang mga wika. Kung ang iyong unang wika ay hindi Ingles, kinakailangang alamin ng iyong tagapag-empleyo o recruiter kung ang pilyego ng impormasyon ay makukuha sa wikang ito at ibigay ito sa iyo kung mayroon. Para malaman kung anong mga wika ang naroroon para sa pilyego ng impormasyon, pakikontak lamang ang Sentro ng Impormasyon ng Employment Standards sa (416) 326-7160 (libreng-tawag sa 1-800-531-5551) o, para sa nahihirapang makarinig, sa TTY 1-866-567-8893.

Ang impormasyong ito ay ibinibigay bilang isang serbisyo sa publiko. Bagamat sinisikap naming siguraduhing bago at tama ang impormasyon hanggang maaari, may mga pagkakamali pa ring nagaganap paminsan-minsan. Dahil dito, hindi naming maaaring garantiyahan ang ganap na kawastuhan ng impormasyon. Ang mga mambabasa ay dapat, kung saan maaari, magsiyasat kung tunay ang impormasyon bago gamitin ito.